

Nakita ni Joie ang isang matangkad na lalaking malapad ang dibdib at balikat, at kitang-kita ang magandang hubog ng maskuladong katawan nito sa suot na itim na t-shirt at pantalong maong. Kayumanggi ang kulay ng balat nito na tila ba lagi itong nakabilad sa araw. Napatigil siya sa pinto dahil hindi niya kilala ang lalaki. Mahirap malimutan ang isang lalaking may katawan na nakikita lamang sa TV o kaya sa magazine.

Nag-angat pa lang siya ng isang kamay para kumatok, sinulyapan na siya nito at naramdaman niyang nanikip ang dibdib niya. Hindi lang pala katawan nito ang artistahin kundi pati mukha nito. Payat at pahaba ang mukha ng lalaki pero bagay rito ang hugis ng bilugang mga mata, ang matangos na ilong at maiksing buhok. Maganda rin ang hugis ng mga labi nito at nang sumungaw ang mabagal na ngiti mula roon, naramdaman ni Joie na nag-init ang kanyang mukha.

“Ate Joie!” masayang bati ni Carlo. “Nakita mo? Ibinaliktad ako ni Tito Bok!”

’Joie’ ang tawag sa kanya ng bata dahil sa kung anong kadahilanan hindi nito mabanggit ang tunay niyang palayaw na ’Josie’. Iyon lang naman ang hindi nito masabi nang matino dahil hindi naman bulol ang bata.

“Talaga?” mahina niyang tanong. Ah, ito pala si Francis, ang nakababatang kapatid ni Kuya Frank na nag-*PMA*. Bukambibig ng lalaki ang kapatid nito at halatang proud na proud ito kay Francis. Hindi nito nabanggit na guwapo pala ang kapatid.

Nanatili siyang nakatayo sa pintuan, bitbit ang bayong ng mga pinamili niya para kay Ate Carol. Iyon ang trabaho niya at ang pinagkukunan niya ng pera para makaipon. Part-time yaya siya ni Carlo at tuwing Sabado, siya ang nagpupunta sa palengke para rito.

“Josie, tamang-tama naman ang dating mo!” sabi ni Ate Carol mula sa kusina. “Mas maaga ako magluluto.” Lumapit ito kay Joie at kinuha ang dalang bayong ng dalaga. “Nakilala mo na ba si Francis? Siya’yong kinukuwento kong kapatid ni Frank,” makahulugang sabi nito. Kulang na lang ay sikuhin siya ng ate.

“Ah, hindi pa po,” nahihiya niyang sabi.

“Francis, si Joie,” pagpapakilala nito sa kanya. “Naku, hindi ko alam ang gagawin ko kung wala siya,” pagpapatuloy nito. “Mabait na bata ito.”

Muling sumungaw ang ngiti mula sa mga labi ni Francis. “It’s nice to meet you.”

“Ikaw din po,” sabi niya. “Uhm, Ate Carol, uuwi na po muna ako...”

“O,” gulat na sabi ng babae. “Hindi ba dito ka kakain? Ikaw nga ang ipagluluto ko ng sinigang, eh.”

“Akala ko ba ako, Ate?” biro ng binata.

“Ha? Eh, kayo nga po!” mabilis na sabi ni Joie. Humakbang pa siya palayo na para bang gusto nang tumakas. “Bagong dating

po kayo, kayo po ang bisita nila dito.”

“Unang-una, huwag mo na akong i-po,” nakangiting sabi ng binata. “Pakiramdam ko ang tanda ko na kasi. Pangalawa, hindi naman nila alam na darating ako kaya ikaw talaga ang ipagluluto ni Ate ng sinigang.”

Napalunok si Joie. Wala na siyang ibang maisip na dahilan kung paano pa niya matatakan ang pananghalian sa bahay nina Kuya Frank. “S-sige po.”

“O, sunduin n’yo na si Frank sa station,” utos ni Ate Carol. “Kami na ni Josie ang bahala rito.”

“Okay,” sabi ni Francis. “Lika na, Bok,” aya nito sa bata. Lihim na pinanood ni Joie na makalayo ang mag-tiyuhin. Hindi niya napigilan ang mapabuntong-hininga at muli siyang pinamulahan ng mukha nang marinig niyang tumawa si Ate Carol.

“Ganyan na ganyan din ang reaksiyon ko noong una kong nakilala si Kuya Frank mo,” sabi nito bago siya inakbayan at giniya sa kusina. “Iba ang dating ni Francis ano?”

Paano ba niya sasagutin ang tanong na iyon nang hindi siya mapapahiya? Pero hindi na kailangan, dahil nagpatuloy na si Ate Carol sa pagpapabango sa guwapong bayaw.